**〇Kailangan bang sulatan ng pangalan ng tindahan o kompanya ang may bayad na ticket ng basurang mula sa negosyo?**




Kailangang sulatan ng pangalan ang ticket.

Isulat ang pangalan ng tindahan o kompanya upang malaman kung saan nanggaling ang basura at upang maiwasang manakaw ang ticket na walang pangalan.

**〇Inilabas naman ng maayos ang basura pero iniwanan ng nangungulekta!**

May pangyayaring hindi pwedeng kolektahin ng district/ ward ang basura kahit maayos na inilabas, mangyaring tingnan ang sumusunod:

1. Hindi pwedeng kolektahin ang basurang may kalakip na likido, pulbos at maliliit na butil.
2. Mga basurang may bayad na ticket na binili sa ibang lungsod/ward o may ticket na binili sa Ota City ngunit lumang bersiyon pa (hindi pa nagbago ang presyo). Mangyari lamang na bumili ng bagong ticket at idikit ulit sa basura.
3. Ang mga basura na lagpas ng 30cm ang sukat ay hindi maaaring ilabas sa takdang lugar ng pagtatapunan. Mangyari lamang na kumontak sa awtorisadong industrial waste trader na naghahakot at nagtatapon ng basura
4. Ang mga malangis na metal chips (tipak) at plastic na basura na itinapon ng mga plastic manufacturers o processors ay hindi kinokolekta ng lungsod. Mangyari lamang na kumontak sa awtorisadong industrial waste trader.

**〇Paano ang pagtapon ng basurang mula sa negosyo?**

1. Paghihiwalayin ang basura ayon sa uri, mga pwedeng i-recycle, mga pwedeng sunugin o di pwedeng sunugin at idikit ang bayad na ticket sa bawat supot, at ilabas hanggang 8:00 ng umaga sa araw ng pangungulekta.
2. Tanggaling mabuti ang tubig sa basura na maaring kumalat kapag napiga ang basura bago ito itapon.

**〇Nahihirapan bang ilabas ng maayos ang basurang mula sa negosyo？**

Mangyari lamang na kumontak sa awtorisadong industrial waste trader para sa pagpakolekta sa gabi o maramihang basura. Tingnan sa Ota City internet homepage ang mga industrial waste traders. Ang pagtatapon ng basura sa gabi ay maaring maging dahilan ng paglapit ng uwak at pagsimulan ng masamang amoy. Ang pagtatapon ng maramihang basura ay maaaring maka-istorbo sa pagkolekta ng mga basurang pang-sambahayan.

※Isang tapunan ng basura na maaring kolektahin ay hindi aabot ng 50kg o hanggang 5 piraso ng 45-liter bag.

**Para sa iba pang katanungan Kumontak lamang sa opisina o departamento na nakalagay sa bandang kanan.**




<Contact>

Industrial Waste Management Section, Ota City Sanitation Division（1min. na lakad mula JR Kamata station）

〒144-8621 Ota City Office 5-13-14 Kamata, Otaku

TEL 03－5744－1629

**Ang ilegal na pagtatapon ng basura ay krimen!**

Ilegal na pagtapon ng basura (pati na ang nag-aakma) ay maaaring parusahan ng pagkakulong ng 5 taon o pagmultahin ng 10 million yen (300 million yen sa mga korporasyon) o pareho.



# Sa mga may negosyo sa Ota City

## ～Kapag nagpa-kolekta ng basurang mula sa negosyo dito sa lungsod～

**Binago ang halaga ng ticket para sa may bayad na basurang pang-negosyo (Jigyo-kei yuryogomi-shori-ken) nitong Oktubre 2023. Mangyaring tandaan na hindi na magagamit ang kasalukuyang ticket pagkalipas ng Nobyembre.**

Mayroong 4na uri ang ticket. Itugma ang kapasidad sa gagamiting supot at nilalaman kapag container ang gagamitin.

【Halaga pagkatapos marebiso nitong Oct. 2023】

| Uri | Piraso/set | Halaga |
|---|---|---|
| S 10ℓ | 1 set 10pcs. | 870yen |
| M 20ℓ | 1 set 10pcs. | 1，740yen |
| L 45ℓ | 1 set 10pcs | 3，910yen |
| XL 70ℓ (para lamang sa magaang basura) | 1 set 5pcs | 3，045yen |




Ilustrasyon ng Truck at Manggagawa May nakatatak na "令和5年10月改定(Revised in October 2023)"

[Matatapos ang pagbebenta sa Septiyembre 2023]
Petsa ng pag-expire：Oktubre 31, 2023
Tumatanggap na ngayon ng pagpapalit sa pagkakaiba (magpapalit para sa mga bagong tiket sa pamamagitan ng pagbabayad ng pagkakaiba sa halaga)




May marka ng trak ng basura lamangNakasulat na "平成29年10月改定(Oct. 2017 na-rebiso)

※ Para sa tanggapan ng pagpapalit ng balanse at pagpa-refund mangyaring pumunta sa Waste Collection Office ng inyong lugar o sa Sanitation Operations Division sa City Office main Bldg. Mangyaring tandaan na ang pagpapalit ng balance at pagpa-refund ay hindi ginagawa sa mga mga convenience stores.

**Ang mga nagmamay-ari ng negosyo ay inaasahan na ipakolekta sa awtorisadong industrial waste traders ang mga basurang mula sa negosyo！**

Mangyari lamang na ipakolekta sa awtorisadong industrial waste traders sa halip na ipakolekta sa Ota City. Tingnan sa Ota City Internet Homepage ang mga awtorisadong industrial waste traders.
Karaniwan, ang Ota City ay kumukolekta ng basura at mga pang-recycle mula sa mga sambahayan. Maaari lamang kolektahin ang basurang pang-negosyo kapag hindi nakaka-istorbo sa mga basurang pang-sambahayan. Ang basura mula sa pang-maliitan na negosyo ay kinukolekta kapag dinikitan ng ticket ng may bayad na basura ng Ota City ang bawat supot.

Inaasahan ang inyong pang-unawa sa sitwasyon para sa maayos na pangangasiwa sa inyong basurang mula sa negosyo.

Mascot ng Ota City sa Recycle
Shigenmamoru kun





2023.10

# Maayos na pagtatapon ng basura mula sa negosyo

### ○Ano ang“basura mula sa negosyo (Jigyo-kei gomi)”？

Ang iba pang basura maliban sa basura sa bahay ay tinatawag na “basura mula sa negosyo”. Kabilang na dito ang basura mula sa tindahan, opisina, workshops, lunch boxes ng kanilang empleyado, lata at PET bottles.
Mga basura mula sa aktibidad ng NPO na nagsisislbi sa publiko, korporasyon o union ng relihiyon, asosasyon ng mga residente at iba pang events ay masasabing basura mula sa negosyo.

### ○ Pagtatapon ng “basura mula sa negosyo”

Responsibilidad ng mga namamalakad o nagmamay-ari ng negosyo ang maayos na pagtatapon ng basura mula sa kanilang negosyo at hinihiling na ipakolekta sa awtorisadong industrial waste trader ang basura.
Ang serbisyo ng ward ay para sa pagkolekta ng basura sa bahay ngunit maaari din na kunin ang basura mula sa negosyo kung hindi ito makakaabala sa pagkolekta sa pangkaraniwang basura.
Para sa pribado at maliit na negosyong indibidwal,sundin ang patakaran sa paghihiwalay at pagtatapon ng basura at lagyan ng may bayad na ticket sa basura na maaaring bilhin sa Ward’s Waste collection service.




### ○Paano kung sa bahay ang negosyo?

Ilagay sa magkaibang supot o lalagyan ang ”basura mula sa negosyo” at ”basura sa bahay”. Kapag magkasama, ituturing na “basura mula sa negosyo”.

### ○Saan nabibili ang ticket sa basura?

Pumunta sa tindahan, convenience store at supermarket na may nakasulat na dealer ng “(大田区有料ごみ処理券取扱所）Ticket sa basura sa Ota City”.

※Hindi makakabili ng ticket sa mga empleyado na kumokolekta ng basura.

### ○Alin ang ticket na naaayon?

Tingnan ang nakasulat sa ibaba para sa naaayong ticket sa basura.

◆**18 litro lata**（walang laman）
10ℓ-ticket para sa 2 lata at 20ℓ-ticket para sa 3 o 4 na lata.

◆**Fluorescent lamp**
Ang 5 piraso na 120cm na fluorescent lamp ay magiging pang-10 litro na ticket.
Ang mga items na lagpas 120cm ay hindi kinukolekta ng City. Mangyaring kumonsulta muna sa dealer ng store.



### ○ Paano ang pagpili at pagdikit ng ticket sa supot ng basura.

▼Kumuha ng ticket na naaayon sa laki at dami ng laman ng supot.
▼Gumamit ng 2 o mahigit pang ticket kapag walang tamang bilang para sa laki ng supot.
▼Kumuha ng ticket na naaayon sa laki at dami ng basura sa isang lalagyan.
▼Itali ang mga diyaryo, magazine, kahon at karton at kumuha ng ticket na naaayon sa taas at dami ng bilang ng basura.
▼Ilagay ang mga bote,lata,food tray,pet bottle at styrofoam sa kanya–kanyang supot at <u>pumili ng naaayon na ticket **para sa laki ng mga supot.**</u>


Kapag kalahati lang ang laman
**⇒Pumili ng ticket na naaayon sa laki**




Isulat ang pangalan ng kompanya o negosyo sa ticket at idikit sa itaas na parte ng supot.

Kapag napuno ang 30ℓ
**⇒1 para sa10ℓ at 20ℓ ticket**





Basura na katumbas ng 20ℓ sa loob ng 60ℓ na lalagyan.:
**⇒Kumuha ng 20ℓ ticket**


Idikit sa diyaryo o papel ang naaayon na ticket at ilagay sa ibabaw ng basura. Siguraduhin na isulat ang pangalan ng kompanya sa ticket bago idikit ito.


Kung mahirap alamin ang dami ng basura sa lalagyan.
・Kalahati o higit pa→Sundin ang sukat ng lalagyan.
・Wala pang kalahati→ticket para sa 1/2 sukat na lalagyan

○Diyaryo (nakatupi sa 4 at size A4), magazines o paper packs.
**⇒Gumamit ng 10ℓ ticket**
**Bawat taas na 10cm**

○Cardboard
**⇒Basehan ang kahon ng orange o mikan.**
**Kapag dalawa, gumamit ng 10ℓ ticket.**




Siguraduhin na isulat ang pangalan ng kompanya o negosyo sa ticket at idikit ito sa ibabaw upang madaling

